

lahat ay pangunahing  
tauhan

SagaMulticulturalCoexistencePromotionAction

Direksyon ng mga hakbang at halimbawa ng mga inisyatiba



Marso 2023

SagaPrefecture

Bersyon para sa dayuhang mamamayan

## Layunin ng SagaPrefecture para sa lipunan

Ang mga dayuhan at Hapones ay gumagalang sa isa't isa.

Gumawa ang Saga kung saan lahat ay maaaring gumanap ng aktibong papel.

## Panimula

Kumusta sa lahat ng mga dayuhan na naninirahan sa Saga Prefecture.

Ito ay para sa mga dayuhang residente at Japanese na residente upang makipagtulungan sa iba't ibang tao at grupo. Ito ay isang buod ng kung ano ang ginagawa ng bawat isa upang mapanatiling manirahan dito sa SagaPrefecture. Hindi alintana kung dayuhang residente o residente ng Hapon, makabubuting lahat ay gumanap ng papel at isulong ang mga pagsisikap para sa magkakasamang kultura sa rehiyon sa buong SagaPrefecture.


## Bakit kinakailangan ang, 「SagaMulticulturalCoexistencePromotion」?

Alam mo ba ang salitang (Tabunka Kyousei)?

Ang Multicoexistence ay tinutukoy bilang 「mga tao ng iba't ibang nasyonalidad at etnisidad na naninirahan ng sama-sama bilang mga miyembro ng isang local na komunidad habang kinikilala ang pagkakaiba ng kultura ng isa't isa at sinusubukang bumuo ng pantay na relasyon」 (Ministry of Internal Affairs).

Sa mabilis na pag-unlad ng bilang ng kapanganakan at pag-dami ng populasyon sa buong bansa, kailangang lumikha ng mga masiglang komunidad kung saan ang mga lalaki at babae, matatanda at bata, mga pamilyang nagpapalaki ng mga bata, at mga dayuhan ay maaaring manirahan at magtrabaho ng may kapayapaan ng isip.

Samakatuwid, binuo ng SagaPrefecture ang 「SagaMulticulturalCoexistencePromotionAction」 kung saan ang mga dayuhang residente at mga residenteng Hapon ay nauunawaan at iginagalang ang pagkakaiba ng bawat isa sa kultura, kaugalian, relihiyon, atbp. at nagtutulungan bilang mga mamamayan ng parehong prefecture. Kasama ang lahat, isusulong namin ang pag-unlad ng mga komunidad kung saan ang mga tao ay maaaring gumanap ng aktibong papel. Sa pamamagitan ng inisyatiba na ito, layunin naming gawing rehiyon ang SagaPrefecture na pinili ng mga dayuhan at Japanese.




Dayuhang mamamayan: Mga taong nasyonalidad ay hindi Hapon.

Dayuhang residente: Taong nasyonalidad ay hindi Hapon, taong may nasyonalidad na Hapon at mula sa ibang bansa, mga taong may koneksyon sa mga dayuhang bansa.

Residente ng Saga: Taong nakatira, nagtatrabaho sa Saga, hindi alintana kung mayroong Japanese nationality o wala

# Pano mo itataguyod ang pag-unlad ng multicultural na komunidad

Batay sa sumusunod na 3 tatlong alintuntunin, isusulong namin ang pagpapaunlad ng komunidad ukol sa pamumuhay sa ibat-ibang kultura sa loob ng prefecture.



Higit pa rito, bubuo tayo ng mga hakbang batay sa 3 alintuntunin sa itaas. Sa particular, aayusin natin ang direksyon ng 7 inisyatiba gaya ng mga sumusunod, magse-set up ng 17 mga alintuntunin para sa mga inisyatiba, at magpapatuloy sa mga hakbangin.

Direksyon ng pagsisikap I

Pagpapaunlad ng isang multicultural na kaisipan sa mga local na komunidad

Upang lumikha ng isang komunidad kung saan ang mga dayuhang residente at mga residente ng Hapon ay magkakaunawaan at gumagalang sa isa't isa at magtutulungan, ito ay mahalaga upang pagyamanin ang isang multicultural mindset.

Sa makatuwid, nilalayon naming pagyamanin ang isang multicultural mindset sa pamamagitan ng pagtagos (penetrate) ng konsepto ng multicultural coexistence, ang paglikha ng mga pagkakataon ukol sa mutual understanding at exchange, at ang pagunlad ng local human resources.

Gabay sa pagkilos (1)	Gabay sa pagkilos (2)	Gabay sa pagkilos (3)
Kaliwanagan ng konsepto ng multicultural coexistence at paglikha ng pagkakataon para sa mutual understanding sa pagitan ng mga dayuhan at residente ng Hapon	Pagtitiyak ng mga pagkakataon para sa pakikipagugnayan sa mga dayuhang residente sa paaralan at komunidad.	Pagpapaunlad ng human resources at suporta para sa mga organisasyong maaring magsulong ng magkakasamang kultura sa rehiyon

**【Pangunahing pagsisikap】**

- \* Pagsasagawa ng mga lektura tungkol sa magkakasamang buhay na multicultural at pagunawa sa iba't ibang kultura.
- \* Nagdaraos ng mga pagpupulong ng bayan.
- \* Pagsasagawa ng networking event sa mga komunidad at paaralan.
- \* Pag-promote ng pakikilahok ng mga dayuhang mamayahan sa mga local na kaganapan.

○ Pagpapaunlad ng multicultural mind set

## Direksyon ng pagsisikap 2

### Pagpapabuti ng suporta sa buhay

Papahusayin natin ang suporta mula sa pananaw ng mga dayuhan upang ang sinumang dayuhan ay madaling magamit ang mga serbisyong pampubliko na kinakailangan para sa pang-araw-araw na buhay at makakuha ng impormasyong kailangan para sa pang-araw-araw na buhay.

#### Gabay sa pagkilos (1)

Pagpapahusay ng mga serbisyong pangpubliko at mga gabay

#### Gabay sa pagkilos (2)

Dadagdagan ang bilang ng mga sesyon ng oryentasyon sa buhay at mga panuntunan sa trapiko

#### 【Pangunahing pagsisikap】

- \* Pagsasama-sama at pagbibigay ng impormasyon sa mga pampublikong serbisyo.
- \* Pagbuo ng isang sistema ng konsultasyon para sa mga dayuhang residente.
- \* May hawak na iba't ibang oryentasyon.

## Direksyon ng pagsisikap 3

### Pag-promote ng maraming wika at suporta ng simpleng salita sa Hapon

Upang ang mga dayuhang residente ay madaling makagamit ng iba't ibang counter at institusyon na hindi nag-aalala sa wika, at upang ang mga kawani ng iba't ibang mga counter at institusyon ay maayos na makipag-usap sa mga dayuhang residente. At isusulong namin ang mga sulat sa madaling Japanese.

#### Gabay sa pagkilos (1)

Pagpapahusay ng suporta sa maraming wika at simpleng Japanese sa iba't ibang mga contact point at institusyon

#### Gabay sa pagkilos (2)

Pagpapabuti ng pagkilala sa simpleng Japanese sa iba't ibang contact point, institusyon at rehiyon

#### 【Pangunahing pagsisikap】

- \* Pagsulong ng mga multilinggwal para sa interpretasyon para sa paggamit ng mga call center.
- \* Mga aktibidad para mailaganap ang madaling salita sa Hapon.

## Direksyon ng pagsisikap 4

### Pagbibigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral na nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga wikang Hapon

Upang lumikha ng isang kapaligiran na nagpapadali para sa mga nag-aaral ng Hapon na matuto, layunin nating bumuo ng isang sistema ng pamamahala na kinabibilangan ng pamamahala ng mga lokal na klase ng wikang Hapon at pag-unlad ng human resource mula sa pananaw ng mga mag-aaral.

Bilang karagdagan, nilalayon nating palakasin ang sistema ng suporta para sa mga bata at mag-aaral na nangangailangan ng pagtuturo ng wikang Hapon at sa kanilang tagapag-alaga na inaasahang makakatulong sa hinaharap, at para mapahusay ang suporta.

#### Gabay sa pagkilos (1)

Batay sa mga pangangailangan ng mag-aaral, pagtatag ng mga silid-aralan, Operasyon (lugar, oras, pormat at sistema ng pagdaraos, atbp.) at pagpapalakas ng sistema

#### Gabay sa pagkilos (2)

Pagbuo ng human resources para magplano at magsagawa ng mga aktibidad sa silid-aralan

#### Gabay sa pagkilos (3)

Dahil sa pagdami sa nangangailangan para sa pagtuturo ng wikang hapon sa mga paaralan, dadagdagan namin ang suporta sa mga magulang at palalaksin ang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga sistema at mga kaugnay na organisasyon

#### 【Pangunahing pagsisikap】

- \* Pagtatag ng mga bagong silid-aralan sa mga lugar kung saang walang mga lokal na silid-aralan para sa wikang hapon.
- \* Pagbuo ng isang kapaligiran para sa mga online na lokal na klase para sa wikang hapon.
- \* Pagbuo at pagpapadala ng mga tagapagturo ng wikang Hapon sa mga paaralan.

## Direksyon ng pagsisikap 5

### Pagpapalaganap ng impormasyon na may kaugnayan sa buhay, kalamidad, rehiyon, atbp.

Magtatatag tayo ng isang sistema at paraan para sa pagpapalaganap ng impormasyon upang makapagbigay tayo ng impormasyon ukol sa pamumuhay, sakuna, lokal na lugar, atbp. na kailangan ng mga dayuhang residente sa tamang panahon at maunawaan sa madaling paraan.

Tungkol sa impormasyon sa sakuna, palalaksin natin ang sistema para sa pagpapalaganap ng impormasyon sa maraming wika at lilikha ng kapaligiran kung saan ang mga dayuhang residente ay madaling makakuha ng kaalaman tungkol sa mga sakuna at pag-iwas sa kalamidad.

#### Gabay sa pagkilos (1)

Pagsisiyasat sa mga paraan kung saan ang mga rehiyon, lokal na pamahalaan, atbp. ay maaaring maghatid ng kinakailangang impormasyon sa mga dayuhang residente

#### Gabay sa pagkilos (2)

Tungkol sa kalamidad at pag-iwas sa kalamidad pagpapanatili ng kaalaman

#### Gabay sa pagkilos (3)

Pagbuo ng sistema ng pagpapalaganap ng impormasyon sa kalamidad

#### 【Pangunahing pagsisikap】

- \* Pagpapakalat ng impormasyon sa pamamagitan ng SNS
- \* Nagdaraos ng mga seminar sa pag-iwas sa kalamidad, pagsasanay, atbp.
- \* Pagbuo ng system ng disaster multilingual support center

## Direksyon ng pagsisikap 6

### Pagbuo ng isang kapaligiran kung saan ang mga empleyado ay maaring gumanap ng isang aktibong papel sa kanilang mga komunidad at mga lugar ng trabaho.

susulong namin ang pag-unawa sa pagtanggap ng mga dayuhang residente sa mga komunidad at mga business establishment upang ang mga dayuhang residente ay maaring gumanap ng aktibong papel sa kanilang mga komunidad at mga business establishment. Sa pamamagitan ng paglikha ng isang kapaligiran na madaling pagtrabahuhan ng mga dayuhang residente, nilalayan naming lumikha ng isang kapaligiran na madaling magtrabaho ang lahat.

#### Gabay sa pagkilos (1)

Mga dayuhang mamamayan sa lugar  
Paglikha ng mga pagkakataon upang gumanap ng isang aktibong papel.

#### Gabay sa pagkilos (2)

Suporta sa trabaho para sa pagtatrabaho sa prefecture at pagsulong ng pag-unawa sa tanggapan sa mga opisina.

#### Gabay sa pagkilos (3)

Pagbuo ng komportableng kapaligiran sa pagtatrabaho sa mga opisinang tumatanggap ng mga dayuhang manggagawa.

#### [Pangunahing pagsisikap]

- \* Konsultasyon sa pagtatrabaho para sa mga dayuhang residente at pagtutugma sa mga kumpanya.
- \* Pakikipagtulungan sa mga proyekto ng prefectural at munisipal para sa mga international students.
- \* Pagsasagawa ng oryentasyon para sa pagtanggap ng mga dayuhang manggagawa sa isang kumpanya.
- \* Pagtulong sa mga kumpanya na mapabuti ang kanilang kapaligiran sa trabaho.

○ Paglikha ng isang kapaligiran kung saan ang lahat ay maaring gumanap ng isang aktibong papel

## Direksyon sa pagsisikap 7

### Pagpapalaganap at pagpapahusay ng mga proyekto sa pagpapatupad ng mga proyekto sa pagpapatupad ng SPIRA (Saga Ken)

SagaKen·Ipaalam sa mga tao ang tungkol sa mga pagsisikap ng "Saga Multicultural Center" na ipinatupad ng SPIRA, tulad ng mga serbisyo sa konsultasyon, iba't ibang suporta sa buhay, pagsulong ng palitan ng rehiyon, at pagpapabuti ng kapaligiran sa pagtatrabaho, at mga problemang kinakaharap ng mga dayuhan at Japanese na residente. pahasayin ang ating negosyo at palakasin ang relasyon sa publiko upang malutas ang mga problema.

#### Gabay sa pagkilos (1)

Naaangkop na ipakalat ang impormasyon sa mga ipinatupad na proyekto at pagbutihin ang pagkilala sa mga dayuhan at mamamayang Hapones sa mga proyektong sumusuporta tulad ng mga konsultasyong pang-serbisyo.

#### [Pangunahing pagsisikap]


- \* Paunawa ng mga proyekto sa pagpapatupad sa oryentasyon. atbp..

○ Paglikha ng isang kapaligiran kung saan ang lahat ay maaring gumanap ng isang aktibong papel

○ Pagbuo ng kapaligiran kung saan ang mga tao ay maaring mamuhay na may kapayapaan ang isip.

○ Pagpapaligid ng multikultural na pag-iisip

Sino ang magtatrabaho at paano



Anuman ang nasyonalidad, kasarian, edad, atbp., kaming mga nakatira sa Saga Prefecture ay miyembro ng lipunan. Kinakailangan para sa lahat ng miyembro ng aktibong magtulungan upang lumikha ng isang komunidad ng magkakasamang kultura.

Tingnan natin ang mga partikular na pagsisikap kasama ang mga hamon  
(format ng kuwento)

Basahin natin ang kwento mula sa pananaw ng mga dayuhang residente at mga residente ng Hapon at isipin kung anong uri ng mga hamon ang kanilang kinakaharap. Gayundin, tingnan natin ang ilang halimbawa ng kung ano talaga ang ginagawa natin upang malutas ang problema.

Story I Gusto ba talaga ng mga Hapon at dayuhan na makipag-ugnayan? !

Direksyon ng pagsisikap I



Isa akong technical intern trainee.

Dalawang taon na ang nakalipas mula noong dumating ako sa Japan, ngunit hanggang ngayon ay hindi pa ako masyadong nakikipag-ugnayan sa mga Hapon. Bihira akong makipag-usap sa mga Japanese maliban sa mga staff sa internship.

Dahil nakarating ako sa Japan, gusto kong malaman ang higit pa tungkol sa pagkain at kultura ng Hapon. Gusto ko rin matuto ng Japanese. Isa pa, magiging masaya ako kung mas alam ng mga Hapon ang aking

May lumipat na dayuhan na kapitbahay ko. Mukhang nagta-trabaho sa isang pabrika na malapit sa national highway. Madalas kong makita ang tao na ito na nagbibisikleta papunta sa trabaho at sa pamimili.


Saang bansa kaya sya nanggaling? Gusto ko sanang kausapin dahil kapitbahay ko sya, pero tingin ko ay hindi sya marunong



Background ng isyorya



- \* Ang iba sa mga dayuhan, may mga pabalikbalik lamang sa kanilang trabaho (internship) at tahanan, at nakikipag-ugnayan lamang sa mga Hapon sa trabaho.
- \* Maraming dayuhan na gustong matuto ng kultura, kaugalian at wikang hapon, ngunit limitado ang mga pagkakataon. (o walang impormasyon sa mga ganitong pagkakataon.)
- \* Nais ng mga dayuhan na malaman pa ng mga Hapon ang kanilang sariling bansa.



- \* Kahit may dayuhan sa malapit, walng pagkakataon para sa pakikipag-ugnayan.
- \* Interesado sa kultura, wika, atbp. ng mga dayuhan.
- \* Walang mapagkukunan ng tao upang itaguyod ang mga palitan sa rehiyon.

Panimula ng pag-aaral ng kaso

Saga International Festa Organizer: Saga Prefecture International Relations

Ang Saga International Festa ay isang araw kung kailan ang mga dayuhang residente ng prefecture ay naging "pangunahing tauhan". Ang Festa ay isang kaganapan upang ipaalam sa maraming tao ang iba't ibang kultura, wika, at tradisyon ng ibang bansa na naiiba sa Japan. Maraming mga booth at pagtatanghal ng mga dayuhang residente upang ipakilala ang kultura ng kanilang sariling bansa. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa maraming grupo sa loob at labas ng prefecture at maranasan ang kultura ng Hapon. Isa itong malaking internasyonal na kaganapan na maaaring salihan ng sinuman.



araw kung saan ang mga dayuhang residente ay nagkikipag-participate sa isang event



Masayang makausap ang mga Hapon at iba pang mga dayuhan na nakilala ko na nakatira sa ibang rehiyon. Napakasap talagang makipagkaibigan sa lahat.





Dayuhan

Pumunta ako para magpabakuna ng anak ko, pero laking gulat ko nang bigyan ng bakuna ang anak ko ng sabay-sabay. Sinabi ng doktor, "Walang problema, ayos lang," ngunit hindi pa ako nakarinig ng maraming bakuna na sabay-sabay sa aking sariling bansa.

Sa totoo lang, gusto kong ipaliwanag nya ng mahusay ang tungkol sa pagbabakuna, ngunit dahil ang paliwanag ay lahat sa Japanese, hindi ko talaga naintindihan at wala akong nagawa kung hindi mag-OK nalang...

ako ay isang pediatrician.

Kamakailan, karaniwan na para sa mga dayuhang bata ang bumisita sa aking ospital para sa mga checkup at pagbabakuna. Marunong akong magsalita ng Ingles sa pang-araw-araw na antas ng pag-uusap, ngunit mahirap magbigay ng mga medikal na paliwanag sa Ingles sa panahon ng medikal na eksaminasyon. Hindi ako makakapag-hire ng interpreter para lang sa dayuhang bata na minsan lamang pumunta upang magpatingin, nalilito ako kung ano ang dapat kong gawin.



Hapon

### Background ng isyorya

Dayuhan

- \*Minsan nalilito ako sa pagkakaiba ng pangangalagang medikal sa pagitan ng Japan at ng aking sariling bansa.
- \*Maaaring mahirap para sa mga dayuhan na makatanggap ng medikal na paliwanag sa wikang Hapon.
- \*Dahil sa language barrier, minsan sumasangayon nalang ako kahit hindi ako kumbinsido.
- \*Ang pakikipag-usap sa simpleng Japanese ay magbibigay sa iyo ng pakiramdam ng seguridad.

Hapon

- \*Medyo mahirap ipaliwanag ang pangangalagang medikal sa isang wikang banyaga.
- \*Ang pagkuha ng bagong staff ay magastos dahil sa suporta sa maraming wika.
- \*Hindi alam na may mga serbisyong makakatugon sa maraming wika (mga tagasuporta ng interpretasyon at mga call center).

### Panimula ng mga pag-aaral ng kaso

Multilingual interpretation call center  
Implementing Organization: Saga Prefecture  
International Relations Association (SPIRA)

Ang numero unong problema ng mga dayuhan

Nagtatag kami ng isang multilingguwal na interpreter na call center na maaaring magbigay-kahulugan upang ito ay magamit ng mga institusyong medikal, ahensya ng gobyerno, at mga institusyong pang-edukasyon tulad ng elementarya at junior high school. Bilang resulta, posible na ngayong tumanggap ng pangangalagang medikal sa iyong katutubong wika sa mga institusyong medikal, at ang mga paliwanag ng mga pamamaraan at sistema ay maaaring gawin sa iyong sariling wika sa mga counter ng mga tanggapan ng munisipyo, atbp. Maaari din itong gamitin upang ipaliwanag ang mga abiso sa mga dayuhang magulang sa mga paaralan kung saan pumapasok ang mga batang may banyagang pinagmulan.



Isang guro sa paaralan ang tumawag sa akin nang madalian tungkol sa aking anak, ngunit ako ay naguguluhan dahil hindi ako nakakaintindi ng Nihongo. Pero salamat sa interpreter call center, naipaliwanag ko ng maayos ang gusto kong sabihin.



### Story3 Nais kong matuto nang higit pa tungkol sa wika at kultura ng Hapon!

Direksyon ng pagsisikap 4



Dayuhan

Isa akong technical intern trainee. Gusto ko pong mag-aral ng Japanese at gusto kong malaman po ang tungkol sa Japan. Wala bang malapit na pwedeng mag-aral ng Japanese? Hindi ako makakapunta sa weekdays kapag busy ako sa practical training, pwede po akong makapunta every Saturday. Kung walang iskwelahan na malapit sa bahay ko, gusto ko pong mag-aral kahit online.

Ako ay isang empleyado ng lokal na pamahalaan na nagpapatakbo ng lokal na klase ng wikang Hapon.

Gumagawa kami ng flyers at advertising para maraming mag-aaral ang pupunta sa paaralan. Gayunpaman, walang gaanong nag-aaral.

Ito ay ginaganap tuwing weekday nights kung kailan maaari kang pumunta pagkatapos ng iyong trabaho, at ang venue ay isang madaling maintindihan na conference room sa opisina ng gobyerno. Tungkol naman sa online event, minsan ko lang na-try, pero wala masyadong lumahok, kaya ngayon ko lang naiisip na i-hold ito ng harapan.

Nais kong mas maraming dayuhan ang makilahok, at gusto ko ring dagdagan ang bilang ng mga lokal na kasangkot sa pagpapatakbo ng eskwelahan.



Hapon

#### Background ng istorya

Dayuhan

- \*Maraming dayuhan ang gustong matuto tungkol sa wika at kultura ng Hapon at makipag-ugnayan sa mga Hapones.
- \*May oras at araw na hindi ako makakapunta dahil sa practice at trabaho.
- \*Dahil malayo ang iskwelahan, kung minsan ay walang sasakyan para mag-commute.
- \*Maaaring lumahok ang ilang mga mag-aaral online.

Hapon

- \*Ang silid-aralan ay hindi nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral (petsa at oras, lugar, atbp.).
- \*Hindi masasabi kung nakakarating sa mga dayuhang residente ang impormasyon tungkol sa silid-aralan.
- \*Hindi kami naghanda ng maraming paraan ng pakikilahok (harap-harap / online).
- \*May kakulangan ng human resources na kasangkot sa pagpapatakbo ng mga lokal na klase ng wikang Hapon.

#### Panimula ng mga pag-aaral ng

##### Lokal na Japanese Class

Mayroong 19 na lokal na paaralan ng wikang Hapon sa 12 lungsod at bayan sa prefecture na pinamamahalaan ng mga boluntaryo at munisipalidad. Bukod dito, limang munisipalidad ang kasalukuyang naghahanda para magtayo ng mga bagong silid-aralan. Mangyaring po lamang na makipag-ugnayan sa amin.

\*Ang impormasyon tungkol sa mga silid-aralan ay matatagpuan sa website ng Saga International Association sa ibaba.

<https://www.spira.or.jp/japanese/>



Kung mayroong isang bagay na hindi mo naiintindihan o ikaw ay naguguluhan, nag-set up kami ng isang consultation desk kung saan sinuman ay maaaring kumonsulta nang libre.

Direksyon ng pagsisikap 2

たぶんかきょうせい  
**さが多文化共生センター**

SAGA TABUNKA KYOUSEI CENTER

Ang center na ito ay isang general consultation desk para sa mga dayuhang residente. Maaari kang kumonsulta nang libre tungkol sa mga bagay na hindi mo naiintindihan o ikaw ay naguguluhan (pamumuhay, edukasyon, medikal/kalusugan at kapakanan, paggawa, wikang Hapon, pagpapalaki ng bata, atbp.). Ang mga tagapayo ay tutugon sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng telepono, email, Facebook Messenger, at LINE. Magpo-post kami ng impormasyon sa sakuna at impormasyong kapaki-pakinabang para sa pang-araw-araw na buhay sa iba't ibang wika sa Facebook at LINE, kaya't mangyaring magparehistro.

※Ang personal na konsultasyon sa katutubong wika ay may posibilidad na hindi namin matugunan dahil sa pang personal na sitwasyon ng mag-interpret. Sa kasong ito, gagamit kami ng interpreter gamit ang telepono.



Tumatanggap din kami ng mga legal na konsultasyon at konsultasyon sa mga visa at status ng paninirahan. Maaari kang kumonsulta sa mga eksperto tulad ng mga abogado at administrative scrivener (specialist in legal procedure).

**Maaari kaming sumangguni sa iyong wika.**

**Paano komonsulta**

You can consult with us in various ways.

SNS

LINE ID: @921uckas



Messenger SpiraSaga



Tel 0952-22-7830

E-mail info@spira.or.jp

¥0 相談のお金は  
かかりません

Itatago namin ang iyong  
sekreto!  
Free & Confidential!

**Oras ng konsultasyon:**

Lunes~Biyernes

9am~12pm・13pm~16pm

HP

<https://www.spira.or.jp/cmss/>



**You can consult us in your language.**

English / 英語 中文 / 中国語 한국어 / 韓国語  
 Tiếng Việt / ベトナム語 ภาษาไทย / タイ語  
 Filipino / タガログ語 မြန်မာဘာသာ / ミャンマー語  
 नेपाली / ネパール語 Bahasa Indonesia / インドネシア語  
 සිංහල භාෂාව / シンハラ語 বাংলা / ベンガル語  
 Français / フランス語 Русский язык / ロシア語  
 Italiano / イタリア語 Deutsch / ドイツ語  
 Bahasa Melayu / マレー語 ភាសាខ្មែរ / クメール語  
 Монгол хэл / モンゴル語 Português / ポルトガル語  
 Español / スペイン語 हिंदी / ヒンディー語

**Lugar:**

佐賀市白山2丁目1番12号佐賀商エビル1階  
 Saga shi Shirayama 2chome 1-12 Saga Shoko  
 Building 1flr.